


Mga Hanay ng Katarungan sa Lugar ng Trabaho



158 Spadina Road
Toronto, ON M5R 2T8
Tel: 416-392-3135
TTY: 416-392-3031
Fax: 416-392-3136
E-mail: info@metrac.org
www.metrac.org
www.owjn.org



Ginawa noong Disyembre 2008



Mga Manggagawa sa Bahay at Naninirahang Taga-alaga na Dumadanas ng Pandarahas na Sekswal at Panliligalig

Ang muntaklat na ito **ay hindi** sadyang hikayatin ang mga babaeng gumawa ng desisyon. Walang tama o maling paraan para sa babae upang sagutin ang pandarahas. Sa METRAC, sinusuportahan namin ang mga babae sa paggawa ng kanilang pili at desisyon.

Sana ang muntaklat na ito ay nakatulong sa mga manggagawa sa bahay/taga-alaga na magkaroon ng wasto at magagamit na impormasyon, at malaman nila ang mga karapatan sa mga sitwasyon ng pangaabuso, at kung saan sila makakahingi ng tulong.

Ang impormasyon sa muntaklat na ito ay pangkalahatang pamabatas ng impormasyon lamang at hindi sadyang kapalit ng isang nagsasariling payong pambatas at pagkakatawan.

Dapat kayong humingi ng payong pambatas tungkol sa inyong sitwasyon.

Workers Compensation Board (Lupon ng Bayad-Pinsala sa Manggagawa)

Head Office (Punong Opisina)

2 Bloor Street East

Toronto, Ontario M4W 3C3

Tel: (416) 927-555

TTY: 1-800-387-0050

1-800-387-0750

1-800-387-5595

1-800-387-5540

Criminal Injuries Compensation Board (Lupon ng Bayad-Pinsala sa mga Pinsalang Krimen)

439 University Avenue, 4th Floor

Toronto, ON M5G 1Y8

Toll Free: 1-800-372-7463

Tel: (416) 326-2900

Fax: (416) 326-2883

Occupational Health and Safety Branch (Sangay ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho)

Ministry of Labour (Ministri ng Paggawa)

505 University Avenue, 19th Floor

Toronto, ON M7A 1T7

Tel: 1-800-268-8013

FAX (416) 326-7761

Website: www.labour.gov.on.ca/english/hs/

Listahan ng mga matatawagan/Mga Opisinang Pampook: www.labour.gov.on.ca/english/about/reg_offices.html

Law Society of Upper Canada – Lawyer Referral Service (Kapisanan ng Batas ng Upper Canada - Serbisyo Para sa Sanggunian ng Abugado)

Osgoode Hall

130 Queen Street West

Toronto, Ontario M5H 2N6

Tel: (416) 947-3330

Toll Free: 1-800-268-8326

TTY: (416) 603-0663

Pro Bono Law Ontario

130 Queen Street West

Toronto, Ontario M5H 2N6

Tel: (416) 977-4448

Tel: (416) 977-4448

Fax: 416-977-6668

Website: www.pblo.org

E-mail: info@pblo.org

PANIMULA

Sa Ontario, karamihan sa mga nagtrabaho bilang manggagawa sa bahay at mga taga-alagang nakatira sa pinapasukan ay mga babaeng dayuhan. Ang mga kababaihan ay gumaganap ng importanteng tungkulin bilang pagsusuporta sa kanilang pinagtrabahuan at sa kanilang mga pamilya kasama ang kinakailangang pag-aalaga sa mga bata, mga miyembrong may kapinsalaan, sa mga matatanda at sa tahanan. Marami sa mga pinagtrabahuan ng mga manggagawa sa bahay/taga-alaga ay mahusay taratuhin ang kanilang mga empleyado, ngunit kadalasan ang mga manggagawa sa bahay/taga-alaga ay humaharap sa karahasan, at panliligalig sa trabaho.

Ang ibang mga manggagawa sa bahay/taga-alaga ay nagtrabaho lamang sa bahay ng kanilang pinagtrabahuan at hindi nakatira doon. Ang iba ay kinakailangan magtrabaho at manirahan sa kanilang pinagtrabahuan malayo sa kaniyang pamilya, mga kaibigan at miyembro ng komunidad. Bilang kahinatan, marami sa mga manggagawa sa bahay/taga-alaga ay nag-iisa at walang kaalaman sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas ng Canada at Ontario. Malamang ay wala rin silang suporta mula sa kanilang mga kasamahan sa trabaho at proteksyon ng unyon ng mga manggagawa, kapag sila ay nakikipag-ayos sa pag-abuso sa lugar ng trabaho.

Ang muntaklat na ito ay magbibigay ng saligang impormasyon ng Batas ng Pamantayan ng Gawain sa Ontario (Employment Standard Act of Ontario) ang Kodigo(katipunan ng mga batas) ng Karapatan ng Tao sa Ontario (Ontario Human Rights Code) Batas sa Kaligtasan at Seguro ng mga Manggagawa (Workers Safety and Insurance Act), Ang Batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (The Occupational Health and Safety Act) ang Batas ng Pandarayuhan at Kodigo ng Pangkrimen ng Canada (Immigration Act and the Canada Criminal Code), at kung papaano itong mga batas nakaka-apekto sa mga manggagawa sa bahay/taga-alaga na dumadanas ng karahasan at panliligalig sa lugar ng trabaho.

Sa mga babaeng dumarating sa Canada sa ilalim ng **Programang ng Taga-alagang nakatira sa Pinapasukan (Live-in-Caregiver Program (LCP))** ay humaharap sa naiibang kahirapan bilang empleyado dahil sila ay namumuhay at nagtrabaho sa bahay ng kanilang pinagtrabahuan nang dalawang (2) taon, at sa panahong ito, sila ay umaasa sa kanilang mga pinapasukan para sa mga sahod, pagkain, tirahan, pangangalaga sa kalusugan at sa mabuting kaugnayan sa trabaho upang matulungan silang magkaroon ng kalagayan na permanenteng residente. Ang kanilang nakabitin at pansamantalang kalagayan ng trabaho ay isinasapanganib ang mga nakatira na manggagawa/taga-alaga sa di-makatarungang pagtataro at abuso ng kanilang pinapasukan, at kadalasan na hindi nireklamo ng mga babae, iwanan o isumbong ang pag-abuso, sa takot na mawala ang pagkakataon nilang magkaroon ng kalagayan na permanenteng residente.

Ang mga manggagawa sa bahay/taga-alaga ay namumuhay at nagtrabaho sa iba't ibang sitwasyon at maaring iba ang pagtugon sa abuso sa trabaho, batay sa ilang mga dahilan, kasama na ang kalagayan ng kanilang pagkadayuhan at bansang pinanggalingan, kasarian, salita, lahi, gulang, pangangailangan ng salapi, suporta at kinalalagyan ng pinapasukan. Maari nilang piliin huwag isumbong ang kalupitan sa lugar ng trabaho, habang ang iba naman ay pinipiling magsumbong.

WALANG-KALAGAYAN NA MANGGAGAWA

Nakatirang manggagawa sa bahay/taga-alaga na lubos na walang kalagayan ng pandarayuhan (lampas na ang takdang panahon ng visa o walang visa), ang may kapanganiban na mapaalis sa Canada. Importanteng humingi ng payong pambatas, dahil maaring may pambatas na mga hakbang na magagawa upang pigilan ang pagpaalis sa manggagawa.

Ontario Human Rights Commission (Komisyon ng Mga Karapatan ng Tao sa Ontario)

Inquiry Service Representative (Serbisyo sa Kinatawan ng Pagsisiyasat) sa mga sumusunod ng numero:

Tel: (416) 326-9511

Libreng tawag (Toll-Free): 1-800-387-9080

TTY: (416) 314-6526

TTY: (416) 314-6526

Website www.ohrc.on.ca

E-mail: info@ohrc.on.ca

Human Rights Legal Support Centre (Sentro ng Suportang Pambastas sa Mga Karapatan ng Tao)

400 University Avenue, 7th Floor

Toronto, Ontario

Tel: (416) 314-6266

Libreng tawag (Toll Free): 1-866-625-5179

TTY: (416) 314-6651

TTY Toll Free: 1-866 612-8627

Website: www.hrisc.on.ca

Human Rights Tribunal of Ontario (Hukuman ng mga Karapatan ng Tao sa Ontario)

655 Bay Street, 14th floor

Toronto, ON M7A 2A3

Tel: (416) 326-1519

Libreng tawag (Toll Free): 1-866-598-0322

TTY: (416) 326-2027

TTY (toll free): 1-866-607-1240

E-mail: www.hrto.ca

E-mail: HRTO.Registrar@ontario.ca

**Toronto Organization for Domestic Workers' Rights (Intercede)
(Kapisanan ng Karapatan ng mga Manggagawa sa Bahay ng Toronto)**

234 Eglinton Avenue East, Suite 205

Toronto, Ontario M6G 1A5

Tel: (416) 483-4554

Fax: (416) 483-9781

Website: www.intercedetoronto.org

E-mail: info@intercedetoronto.org

Ontario Women's Justice Network (Ugnayan ng Katurungan ng mga Babae sa Ontario)

158 Spadina Road,

Toronto, ON M5R 2T8

Tel: (416) 392-3135

Website: www.owjn.org

Employment Standards Branch (Sanggay ng Pamantayan ng Trabaho) – para sa mga may pansamantalang visa na manggagawa

Ministry of Labour (Ministri ng Paggawa)

Tel: (416) 336-7160 (Kalalakihan ng Toronto)

Libreng tawag (Toll free): 1-800-531-5551

Fax: (416) 326-6546

TTY: 1-866-567-8893 (para sa mga bingi)

Website: www.labour.gov.on.ca/english/es/

Kahit na mayroong iilan na mga ugnayan ng suporta para sa mga nakatirang manggagawa sa bahay/taga-alaga, sa Ontario ang walang kalagayan na mga manggagawa ay nasa kasahulan kapag nakikipag-ayos sa abuso sa lugar ng trabaho at panliligalig at mababang sahod. Kapag walang mga dokumentong pandarayuhan, sila ay nagpapasya sa kanilang trabaho na nakakasira sa kanilang pagkabahala sa kalagayan ng pandarayuhan, salita, pangangailangan ng salapi, kasarian, lahi at pamilya. Kadalasan, ang mga pagkabahala na ito sa mga babae na pakiramdam nilang sila ay nakabitag sa mga maabusong sitwasyon.

PANSAMANTALANG KALAGAYAN NG MANGGAGAWA

Nakatirang manggagawa sa bahay/taga-alaga sa pamaraan ng **Live-in Care Program (LCP)**, ay tumatanggap ng pansamantalang kalagayan ng manggagawa sa mga sumusunod na kondisyon:

- ◆ Sila ay dapat manirahan at magtrabaho sa tirahan ng kanilang pinapaskuhan sa nakatakadang panahon ayon sa kontrata
- ◆ Sila ay dapat nagtrabaho ng 24 buwan sa loob ng 39 buwan bago sila humiling para sa kalagayang permanenteng residente.
- ◆ Ang hindi tumupad sa pangangailangan ng LCP ay magresulta sa kaagad na pagpaalis sa Canada.

Tip: Ang mga manggagawa sa LCP ay sakop ng parehong pagbabatas ng manggagawa at may parehong karapatan ng mga manggagawang may kalagayang permanenteng residente.

ANG KUWENTO NI PERLA

Si Perla ay isang naninirahang taga-alaga na dumating sa Canada mula sa Pilipinas sa pamaraan ng LCP. Siya ay namamasukan sa pamilya ng mga Scott at ang kaniyang trabaho ay alagaan si Bb. Scott. Si Bb. Scott ay maykatandaan na at sakitin.

Si Perla ay nakatira kina Bb. Scott at siya ay may sariling silid sa silong ng bahay. Ang anak na lalake ni Bb. Scott, na si Richard, ay dumadalaw nang panayan upang tingnan ang kaniyang ina at nagdadala ng mga groseri at ibang mga panggamit sa bahay. Si Richard ay madalas lumalapit kay Perla kapag nakikipag-usap at hinihiyo ang kaniyang mga kamay at mga balikat. Ilang beses din siyang pumasok sa kaniyang silid nang walang paalam at nagkokomentaryo ng seksuwal tungkol sa mga babaeng Pilipina. Sa palagay niya na ang kaniyang mga komentaryo at paghihiyo ay seksuwal at hindi tama.

Sa wakas, si Perla ay nagkaroon ng lakas ng loob na sabihan si Richard na hindi siya mapalagay sa kaniyang mga komentaryo at panghihiyo. Sinasagot naman siya ng pagbabantang paalisin siya sa trabaho at ipapatapon siya.

Ang ibang nagpapatrabaho ay binabantaan ang mga walang kalagayan na mga manggagawa sa bahay kung ayaw nilang gumawa ng karagdagang trabaho, umayaw sa mga abanteng seksuwal, o ang pagtangkang bumalik sa kanilang pinanggalingan.

Habang binabasa ninyo itong muntaklat, isipin kung paano naaangkop ang mga sumusunod na mga katanungan sa kuwento ni Perla.

f) Kayo ay maaring humiling ng karampatang-bayad sa ilalim ng **Batas sa Karampatang-bayad para sa mga Biktima ng Krimen (Compensation for Victims of Crime Act)** kung kayo ay nasugatan dahil sa pananalakay.

- ◆ Ang paghiling para sa karampatang-bayad ay dapat/kinakailangan magawa sa loob ng dalawang taon pagkatapos ng petsa ng pangyayari, sa Lupon ng Karampatang-bayad sa mga Pinsalang Krimen (Criminal Injuries Compensation Board).

MGA TAKBUHAN

The Assaulted Women's Helpline (Ang Linyang Mahihingan ng Tulong para sa mga Nasalakay na Mga Babae) (24 oras)

Tel: (416) 863-0511

Libreng Tawag (Toll free): 1-866-863-0511

TTY: 1-866-863-7868

Canadian Caregivers Association (Samahan ng Mga Taga-alaga sa Canada)

45 Sheppard Avenue East, Suite 210

Toronto, Ontario M2N 5W9

Tel: (416) 628-8388

Fax: (416) 733-2491

Website: www.cca-acaf.org

E-mail: info@cca-acaf.org

Ang diretsuhang pagharap ay maaring hindi magbigay ng positi-bong resulta. Sa mga taong nagsumbong ng panghihiyaw sa lugar ng trabaho, 17% ng mga pinupuntirya ay nililipat, 33% ay umaalis ng kusa at 37% ay pinapaalis. At 13% lamang ng kasong iyon na ang nanghihiyaw ay pinagsabihan, inilipat, o pinaalis.

- e) Maari kayong magdesisyon na maghabla dahilan sa mga pangyayari ng panliligalig.
- ◆ Kung kayo ay may impormasyon tungkol sa nanliligalig, kayo ay maaaring maghabla ng pananalakay, panggugulpi o nananadyang pagpapahirap ng damdamin at iba pang mga isyu na nauukol sa panliligalig
 - ◆ Kung kayo ay pinalayas sa trabaho, maaari ninyong ihabla ang inyong pinapasukan ng "labag sa batas na pagtitiwalag"
 - ◆ Kung ang inyong pinapasukan ang nanliligalig, maaring ninyong ibha-la ang inyong pinapasukan ng "paglabag ng sasagutin sa katiwala"
 - ◆ Maari rin ninyong ihabla ang inyong pinapasukan kung ang pinapa-sukan ninyo ay may kaalaman tungkol sa pananalakay o panliligalig ngunit walang ginawa upang pigilan ang pananalakay o panliligalig sa lugar ng trabaho
 - ◆ Maari rin ninyong ihabla ang ikatlong panig dahilan sa pagpapabaya kung ito ay nakarating sa pananalakay na sekswal.

Makipagkita sa isang abugado o sa Pro Bono Law Ontario upang matutunan magsampa ng asuntong sibil.

1. Anong uri ng karahasan at panliligalig ang dinadanas ni Perla?
2. Anong batas ang naangkop sa kuwento ni Perla?
3. Ano ang magagawa ni Perla?
4. Ano ang magagawa ng nagpapatrabaho?
5. Anong kaparaanan ang makakatulong kay Perla?

MGA URI NG KARAHASAN

Abuso sa lugar ng trabaho ay anumang kilos ng karahasan at pagkon-trola sa isang tao. Ang kaasalang ito ay sadyang paninindak, pagbabanta, pananakot upang makontrola kayo. Ang karahasan ay sangkot sa pag-tatangang manakit o manira ng inyong pag-aari o sa inyo sa paggamit man o pagbabanta ng pangkatawan o sekswal na pagpuwersa, damdamin, pananalapi, espirital, o pangkaisipan. Ang maabusong asal ang gumagawa ng pagkatakot.

Halimbawa: Kung ang inyong pinaglilingkuran ay sinira ang inyong mga pag-aari tulad ng mga ritrato ng inyong pamilya na ipinadala sa inyo mula sa inyong bansa, at ayaw ibigay ang inyong mga sulat at pinagratrabaho kayo ng lubos na mahabang mga oras at hindi kayo binabayaran.

Ang paghihiyaw sa lugar ng trabaho ay isang uri ng panliligalig at isang uri ng karahasan sa lugar ng trabaho. Ang paghihiyaw ay maaring batayan na nakatakda sa Human Rights Code, o maaari ring uri ng panliligalig na pangisipan o personal. Ang panghihiya at pananakot ay kasama rin sa paghihiyaw at maaring maging malupit at mapang-atake. Ang isang mapanghiyaw ay maaring palaging namimintas at ang asal na mapanghiyaw ay gumagawa ng pagkatakot.

Halimbawa: Ang inyong pinaglilingkuran ay palaging nagkokomentaryo sa paraan ng inyong pamamalantsa at sinasabi na "kung hindi mo pinalantsa itong mga kamisadentro sa paraan na gusto ko, pabalalikin kita sa inyong bansa".

Ang panliligalig sa lugar ng trabaho ay anumang kilos na hindi kinagigiliwan o komentaryo ng sinoman, kasama na ang inyong pinaglilingkuran, kinatawan ng inyong pinaglilingkuran, kostomer, kliyente, kasamahan sa trabaho o bisita ng inyong pinaglilingkuran na nanghihiya, nangiinsulto o minamaliit kayo. Ang "hindi kinagigiliwan" o "hindi kagustuhan" ay mga kilos na alam o dapat lang alam ng nangliligalig na hindi ito kanais-nais. Ang panliligalig ay maaring mang-yari kung papunta o pauwi kayo sa trabaho o habang kayo ay nagtrabaho.

Halimbawa: Ang inyong pinaglilingkuran ay palagi kayong iniinsulto sa harap ng kaniyang mga panauhin at pinaglilinis kayo ng sahig kung ilan beses sa isang araw, dahil nais niyang makita kayo na nasa mga kamay at tuhod ninyo.

Ang pandarahas na sekswal sa lugar ng trabaho ay hindi kagustuhang sekswal na pagkilos at/o paghipo. Ito ay maaring magsimula sa hindi kagustuhang paghipo, hindi ligtas na pagtatalik, hanggang sa paggahasa. Kasama sa abusong sekswal ang panliligalig na direktso sa inyo dahil kayo ay isang babae o dahilan sa pagkaoryentasyon ninyo sa inyong kasarian.

- ◆ Kasama sa panliligalig na sekswal ngunit hindi lamang sa
 - ➔ mga salitang panlilit
 - ➔ mga larawan, bagay o pagmumuwestra
 - ➔ pagdiitang pisikal

- ◆ Maari kayong manatili sa isang ligtas na lugar, habang nagaantay sa desisyon ng Inspektor o kung posible magpalipat sa ibang trabaho.
- ◆ Ang pinapasukan ay dapat patuloy kayong sinusuweldohan habang nag-iimbestigasyon.
- ◆ Bukod pa rito, ang Ministry of labor Inspectors ay dapat protektahan nang lubusan na hindi kayo tatakutin ng inyong pinapasukan kung kayo ay mag-uulat ng mga pangyayaring darahas.
- ◆ Kapag tinawagan ninyo ang Ministry of Labour dahil hindi sumusunod ang inyong pinapasukan sa desisyon, ang Ministry ay patuloy na babantayan ang lugar ng trabaho.

d) Kung sa palagay ninyo na kayo ang puntirya ng panghihiyaw maaaring sundan ninyo ang tatlong mahalagang plano:

- ◆ Pangalanan ito. Tawagin itong panghihiyaw o pandarahas na pang-kaisipan o panliligalig nang maging problema itong panlabas, ito ay makakabawas ng kahihyan at nang masimulan ang pagpapabuti.
- ◆ Bigyan ng panahon na magpatingin para sa mga komplikasyon na dahilan sa katindihan nito para sa kalusugan ng pangkatawan; magpatulong para sa kalusugan ng kaisipan; alamin ang mga polisa tungkol sa paglabag ng pinapasukan sa mga batas ng mga manggagawa; at kumolekta ng data na nagpapakita ng tindi ng panghihiyaw sa mga pinapasukan
- ◆ Kung maaari, ipakita ang mga impormasyon sa itaas sa inyong pinapasukan o sa pagasiwaan, o sa may pinakamataas na tungkulin sa lugar ng trabaho.

b) Kung kayo ay nakaranas ng panliligalig o pang-aapi, maari kayong magreklamo sa Hukuman ng Mga Karapatan ng Tao sa Ontario (Ontario Human Rights Tribunal) sa loob ng isang taon ng pangyayari

- ◆ Kapag naiulat na, ang mga pinapasukan o pangasiwaan ay dapat imbestigahan ang pangyayari sa inyong harap o sa harap ng inyong kinatawan. Hangganat hindi nakukumpleto ang imbestigasyon, kayo ay maaring pumirme sa ligtas na lugar.

Maaring abutin ng isang (1) taon o higit pa para imbestigahan ang reklamo ng Human Rights Tribunal. Habang sa panahon na ito kayo ay bukas sa pang-aatake ng nangliligalig, at ito ay maaaring nakakabigat sa kalooban. Maaaring bumuti ang mga bagay sa maikling panahon at ikaw ay maaaring hindi mapalagay sa lugar ng trabaho habang inaantay ninyo ang reklamong maayos.

Kung kayo ay may pahintulot na magtrabaho o may permanenteng residenteng kalagayan, ang pagrereklamo sa Human Rights Tribunal ay hindi makaka-apekto sa inyong kalagayan ng pandarayanan.

c) Maari ninyong tawagan ang Mga Inspektor ng Kagawaran ng Paggawa (Ministry of Labour Inspectors) kung sa paniwala ninyo ang trabaho o lugar ng trabaho ay hindi ligtas pagkasunod ng imbestigasyon ng inyong reklamo laban sa inyong pinapasukan.

- sekswal na hininging sapilitan
- hindi kagustuhang pakikipaghalikan o ang paghipo na sekswal
- pilit na pagpasok, sa butas mula sa ari ng babae, puwit o bibig
- ◆ Ang pagsasagawa nito ay hindi kinakailangan mauwi sa pangkatawan na kapinsalaan.
- ◆ Kung may taong gusto kayong pagawin ng bagay na sekswal sa paraang pagpupuwersa, pagbabanta, pananakot, o pagpipilitan, ito ay sekswal na pananalakay.

Halimbawa: Ang pamangking lalake ng inyong pinaglilingkuran, ay madalas pumupunta sa inyong lugar ng trabaho at humihingi ng pabor na sekswal, na inyong tinanggihan.

Karahasan sa lugar ng trabaho, ay tinukoy sa Sentro ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho sa Canada (Canadian Centre for Occupational Health and Safety), na anumang pagkilos na pangkatawan, pananalita, o sekswal na pangaa-buso, panliligalig, (kasama ang panliligalig na sekswal), pagbabanta, pananakot, o anuman na nakakaupasala o panghihiya nang dahilan sa inyong trabaho.

Kasama rin sa karahasan sa lugar ng trabaho ang:

- ◆ **Pagbabantang asal:** pag-aalog ng kamao, paninira ng pag-aari, o pagtatapon ng mga bagay;
- ◆ **Sa salita o nakasulat na pagbabanta:** ang anumang pahayag ng layuning magdulot ng pinsala;
- ◆ **Panliligalig:** anumang asal na pangmamaliit, panghihiya, panghahamak, pangiinis, mga alarmang kilala o ipinalalagay na hindi kinagigiliwan. Kasama ang mga salita, pagmumuwestra, pananakot, at panghihiyaw

- ◆ **Sa abusong salita:** pagmumura, pangingsulto o nagpapakabang salita
 - ◆ **Pangkatawan na atake:** panghahampas, panunulak, panununtok o paninipa
- Kasama rin sa karahasan sa trabaho ang mga: pagkakatatay, tsismis, kalokohan, pagtatalo, o paninira ng pag-aari, pananampalasan, pagsabotahe, panunulak, pag-nanakaw, pinsala sa pangakaisipan, mga pangyayaring dahilan sa galit, panggahasa, panunung, at pagpatay ng tao.

Halimbawa: Ang inyong pinaglilingkuran ay palagi kayong tinutulak at sinisipa kapag tinutulungan ninyo siyang itayo mula sa kama.

2. ANG SABI NG BATAS AY...

Batas ng Pamantayan ng Gawain sa Ontario (Employment Standards Act of Ontario (ESA))

Ang Batas ay nagbibigay ng pinakamaliit na pamantayan para sa pagtrabaho sa Ontario. Itinatakd nito ang mga karapatan at pananagutan ng mga empleyado at ang pinagtrabahuan sa mga lugar ng trabaho sa Ontario. Ang ESA ay sakop ang malawak na pamantayan ng pagtrabaho kasama ang:

- ◆ pinakamaliit na pangangailangan sa lugar ng trabaho
- ◆ panustos upang tulungan ang mga empleyadong may pananagutan sa pamilya
- ◆ karadagan sa pagsunod-sunuran sa pag-aayos ng trabaho, at
- ◆ kaparaanan para sa pagsunod at pagpapatupad.

Ang pinaglilingkuran ay hindi maaaring takutin, paalisin, suspindihin, o parusahan kayo, o pagbantaan kayo sa mga kilos na ito dahil hiniling ninyo o nagtanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Employment Standards Act. Kapag nangyari ito, maaari rin ninyong tawagan ang Ministry of Labour.

4. MGA TIP SA PAKIKITUNGO SA MAPANGHI-YAW AT PANLILIGALIG NA SEKSUAL

a) Gumawa ng ulat ng mga pangyayari. Kung maari gumamit ng kuwadernong na may-pabalat. Sa ganitong paraan walang makapagdaragdag ng papel, o baguhin ang mga ayos ng mga pahina. Isulat ang lahat ng tungkol sa panliligalig, kasama ang:

- mga petsa, lugar, oras, detayla, muwestra, salita, atbp.
- mga pangalan at numero ng telepono ng nakakita o nakarinig ng panliligalig (ang mga taong ito ay maaring mga saksi)
- anumang damdamin o pangkatawan na reaksyon habang o pagkatapos ng pangyayari ng panliligalig
- ◆ Mayroon bang mga nakasaksi? Ang iba rin ba ay nililigalig? Kung maaari, kumausap sa mga taong inyong mapagkatiwalaan
- ◆ Sabihin sa inyong pinapasukan o pangasiwaan. Isulat ang mga aksyon na ginawa o hindi ginawa ng inyong pinapasukan.

Sa kasamaang-palad, ang mga manggagawa sa bahay sa ilalim ng LCP na nagsumbong ng pandarahas na sekswal o panliligalig sa lugar ng trabaho ay nasa panganib na matiwalag, na makakaapekto sa kanilang kalagayan na pandarayuhan.

3. MGA PLANO SA AKSYON NG PAKIKITUNGO SA PANANALAKAY NA SEKSWAL/PANGKATAWAN

- ◆ Pumunta sa isang ligtas na lugar.
- ◆ Kumausap sa isang mapagkakatiwalaan na kaibigan at/o tumawag sa sentro ng krisis sa pananalakay na sekswal o paggahasa.
- ◆ Isipin ang susunod na gagawin
- ◆ Pagpasyahan kung isusumbong ang pananalakay o hindi
- ◆ Kung isinumbong sa pulis, dapat silang tulungan sa pagpapatungin sa mediko.
- ◆ Kung magsusumbong sa pulis, kakailanganin nila ng ebidensya - huwag magpapalit ng suotin o maligo.
- ◆ Magdala ng kaibigan o manananggol para sa suporta, kapag inuulat ang pangyayari sa pulis.
- ◆ Ang pulis ang magbibintang ng krimen kung sa palagay nila na may sapat na ebidensya at ang isang abugado (Crown Attorney - isang abugado na ahente ng mga abugadong pangkalahatan ng Canada o mga probinsya o teritoryo) ang magsasakdal ng kaso. Ang biktima ay tatawagin bilang nakasaksi sa pangyayari.

Itakda: Ang mga manggagawa sa bahay at mga taga-alaga na nagtrabaho ng kulang sa 24 oras sa isang linggo ay hindi sakop sa ilan o lahat ng bahagi ng mga batas na ito.

Ang **Ontario Human Rights Code (ang Kodigo)** ay pinangangalagaan ang lahat nga mga manggagawa sa Ontario mula sa pagtatangi sa trabaho batay sa mga sumusunod na protektadong katwiran: lahi, ninunong lahi, lugar na pinagmulan, panliping pinagmulan, pagkamamayan, relihiyon, kapinsalaan, gulang, kasarian (kasama ang buntis at pagkakakilanlan ng kasarian), pagkakaoryentasyon ng kasarian, ang kalagayan ng pag-aasawa (kasama ang mag-asawang magkatulad ang kasarian)

Batas sa Kaligtasan at Seguro sa Lugar ng Trabaho (Workplace Safety and Insurance Act)

Sa ilalim nitong batas, kayo ay garantisadong may bayad pinsala kung kayo ay nasaktan sa pangkatawan o sa pangkaisipan sa trabaho kahit sino pa man ang may kasalanan.

Halos lahat, ngunit hindi lahat ng mga manggagawa ay saklaw sa bayad pinsala. Maari ninyong tawagan an Workplace Safety and Insurance Board nang malaman kung kayo ay saklaw.

Ang mga pinapasukan ay pinanagutan na seguruhin ang mga manggagawa sa bahay sa LCP ay sakop ng pang medikal at seguro sa kalusugan at karamapatang-bayad ng manggagawa pagdating nila sa Canada.

Ang **Occupational Health and Safety Act** ay itinakda unang-una para pangalagaan ang mga manggagawa na nagtrabahong may gamit na mapanganib na makinarya o kemiko, naroroon iyon upang pangalagaan ang kaligtasan ng manggagawa. Ang Health and Safety legislation ay nariyan rin upang iseguro na ang lugar ng trabaho ay ligtas sa panganib. Ang Batas ay nagbibigay ng apat na mahalagang karapatan sa mga manggagawa:

- ◆ ang karapatang makilahok
- ◆ ang karapatang alamin
- ◆ ang karapatang umayaw sa trabaho, at
- ◆ ang karapatang itigil ang trabaho

Batas sa Pandarayuhan

Pinahihintulutan ng Immigration Act ang mga manggagawang manggagawa sa bahay sa LCP upang humiling ng permaneneteng residente pagkatapos ng dalawang taon na regular na trabaho sa Canada na nakatira sa pinapasukan bilang taga-alaga, sa loob ng labing tatlongpu't siyam na buwan, matapos matanggap sa Canada.

Ang mga manggagawa sa bahay/taga-alaga sa Canada sa ilalim ng LCP, na hindi pa nakukumpleto ang mga pangangailangan ng programa at lumampas na ang takda ng kanilang kalagayan, ay maaaring lumagi rito kahit walang legal na kalagayan. Ang mga manggagawa ay dapat humingi ng payo tungkol sa batas sa lalong madaling panahon upang alamin ang mga karapatan ng pandarayuhan na nararapat sa kanila.

Ang Serbisyo ng Pulis ng Toronto (Toronto Police Services) ay may tinatawag na "Huwag Tanungin" ("Don't Ask") ng polisa na nangangahulugan na huwag magtatanong tungkol sa kalagayan ng pandarayuhan ninyo. Gayunman, kung nalaman ng pulis ang inyong kalagayan, maari nilang isumbong kayo sa mga awtoridad ng pandarayuhan.

Kodigo ng Pangkrimen

Kayo ay pinangangalagaan ng Kodigo ng Pangkrimen ng Canada laban sa pananalakay, ang "sinadyang paggamit ng puwersa sa isang tao nang walang pahintulot". Kasama sa pananalakay ang "pagtangka at mga pagbabantag paggamit ng puwersa kasama ang mga pagmumuwestra na nagpapahiwatig ng seryosong pagbabanta". Importanteng malaman na ang pag-aabuso sa damdamin o pangkaisipan ay hindi sakop sa ilalim ng Kodigo ng Pangkrimen. Gayunman ang kasamang mga asal tulad ng pananalakay, palihim na pagsusubaybay, at pagbabanta ay sakop.

Asuntong Sibil

Sa isang asuntong sibil, ang biktima ay pupunta sa hukuman para sa bayad-pinsala laban sa maysala o sa ikatlong panig na nagdulot ng pinsalang pangkatawan o damdamin. Ito ay ano pa man ang kinalabasan ng anumang pag-uusig ng usaping kriminal. Kahit na walang sakdal na kriminal, ang mga biktima ng krimen ay maaring maghabla ng asuntong sibil laban sa mga naminsala at sa ibang mga partidong may-kagagawan.

Karampatang-bayad sa mga Pinsalang Kriminal

Ang Lupon ng Karampatang-bayad sa mga Pinsalang Kriminal (Criminal Injuries Compensation Board) ay isang ahensya na nagbibigay ng karampatang-bayad sa mga biktima ng karahasang krimen na nangyari sa Ontario.